1


NATIONAL LEARNING CAMP

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Reading

## Enhancement Camp

## Lesson Plans




Government Property
NOT FOR SALE

# Enhancement Learning Camp

# Lesson Plans

# Reading Grade 1

# Table of Contents

**Day 1: Lesson 1** .......... **1**
Pagsunod sa Panuto
**Day 2: Lesson 2** .......... **4**
Pagsunod sa Panuto
**Day 3: Lesson 3** .......... **8**
Pagbuo ng Salita
**Day 4: Lesson 4** .......... **12**
Pagbuo ng Salita
**Day 5: Lesson 5** .......... **16**
Nakikita at nababaybay nang wasto ang tamang pangalan ng mga larawan
**Day 6: Lesson 6** .......... **21**
Nakikita at nababaybay nang wasto ang tamang pangalan ng mga larawan
**Day 7: Lesson 7** .......... **24**
Makapagbigay ng susunod na pangyayari sa napakinggang kwento
**Day 8: Lesson 8** .......... **27**
Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento
**Day 9: Lesson 9** .......... **31**
Naibibigay ang paksa ng talata
**Day 10: Lesson 10** .......... **35**
Naibibigay ang paksa ng talata
**Day 11: Lesson 11** .......... **39**
Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
**Day 12: Lesson 12** .......... **43**
Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
**Day 13: Lesson 13** .......... **46**
Nakapagbibigay ng sariling hinuha
**Day 14: Lesson 14** .......... **50**
Nakapagbibigay ng sariling hinuha
**Day 15: Lesson 15** .......... **54**
Pagtukoy sa mga salitang magkasingkahulugan.
**Day 16: Lesson 16** .......... **58**
Pagtukoy sa mga salitang magkasingkahulugan.
**Day 17: Lesson 17** .......... **62**
Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang binasa
**Day 18: Lesson 18** .......... **66**
Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang binasa

**Day 1, Lesson 1**

**Pagsunod sa Panuto**

**Key Idea**

- Makasunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Story Time: Sumunod sa Panuto

- Sasabihin ng guro: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Babasahin ng guro ang kwento.

"Sumunod sa Panuto"

Unang araw ng klase handa na sa pagpasok sa paaralan si Tuta.
"Sa wakas papasok na ako sa eskwela," ang masayang sabi ni Tuta.
Ganito rin ang ginawa ni Kuting. Bago matulog handa na ang kanyang bag.
"Sino-sino kaya ang magiging kaklase ko?"

Masaya ang mga mag-aaral ng umagang iyon.

Maya-maya, dumating na si Kuwago, ang kanilang guro.
Lumapit siya sa mga mag-aaral.
"Pumila kayo nang maayos. Pumasok kayo sa silid-aralan nang tahimik."
ang mahinahong wika ni Kuwago.

Sinunod ng mga mag-aaral ang sabi ng guro. Umupo sila nang maayos at tahimik.
Nagsimula na ang klase. Nagpakilala ang bawat isa.
"Ako si Kuwago, ang inyong guro. Sino naman kayo?" Ang sabi ng guro.

"Ako po si Tsonggo." "Ako naman po si Ibon."
"Ako naman po si Bibe." "Ako naman po si Sisiw."
"Tuta ang itawag ninyo sa akin."
"Ako naman ay tawagin ninyong Pusa."

Isa-isang tumayo ang mga mag-aaral at nagsalita nang may katamtamang lakas.
Nakinig ang lahat habang nagsasalita ang guro. Lahat ay sumunod sa panuto.
Tahimik at maayos ang klase. Tuwang-tuwa si Kuwago.
Tuwang-tuwa din sina Tsonggo, Ibon, Bibe, Sisiw, at iba pa.

- Itanong: Bakit masaya ang mga mag-aaral?
  Sino-sino ang nagpakilala sa klase?
- Sasabihin ng guro: Sa nakaraang aralin, ating tinalakay ang Kailanan ng Pangngalan.
- Itanong:
  Ano-ano ang kailanan ng pangngalan?
  Ano ang kailanan ng pangngalang "bag"?

- Sasabihin ng guro: Tukuyin ang kailanan ng may salungguhit na pangngalan sa bawat pangungusap. Isulat ang isahan, dalawahan o maramihan sa patlang.

  1. Masaya <u>ang mga mag-aaral</u> sa araw ng klase. ____________________
  2. <u>Magkaklase</u> sina Tuta at Kuting. ____________________
  3. Unang nagpakilala sa klase ang <u>guro</u> na si Kuwago. _____________________

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sasabihin ng guro: Sa araling ito, kayo ay inaasahang makasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Gawin Natin**

Sasabihin ng guro: Kanina ay nakinig kayo sa isang kuwento.
Itanong: Ano-ano ang ginawa ninyo habang nakikinig ng kuwento?
Sasabihin ng guro: Makinig sa sasabihin ko at isagawa ito.

1. Tumayo kayo at bumuo ng isang pila.
2. Bumalik sa upuan at maupo nang tahimik.
3. Kumuha ng papel at isulat ang inyong pangalan.
4. Gumuhit ng parihaba at isulat ang pangalan ng iyong guro.

Itanong: Naisagawa ba ninyo nang tama ang bawat panuto?
Sasabihin ng guro: Ang ***panuto*** ay isang gabay o tagubilin/direksyon kung paano isasagawa ang isang gawain.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. *Egg Hunting*:**
Sasabihin ng guro:
Isasagawa natin ngayon ang EGG HUNTING. May mga itlog na may nakasulat na panuto sa ating silid-aralan. Makinig sa mga hakbang na isasagawa ninyo.
Una, maghanap ng isang itlog.
Pangalawa, basahin ang panuto na nakalagay sa loob ng itlog.
Pangatlo, ito ay inyong isagawa.
Ihahanda ng guro:
Mga panuto na nakalagay sa loob ng itlog.
1. Gumuhit ng parihaba at isulat ang inyong pangalan sa loob nito.
2. Gumuhit ng isang bilog at lagyan ng bituin ang loob nito.
3. Isulat ang malaking letrang A at B at ikahon ang letrang A.
4.Gumuhit ng kahon at gumuhit ng puso sa kaliwa ng kahon.
5. Isulat ang buong pangalan at salungguhitan ang apelyedo.
Ulitin ang mga panuto upang makabuo ng mga itlog na sapat sa bilang ng mag-aaral sa klase.
Itanong:
Nagawa ba ninyo ang nakalagay sa itlog?
Ilang hakbang ang nakasulat sa itlog na nakuha ninyo?
Paano ninyo ito ginawa?

Sasabihin ng guro: Ang panuto na inyong isinagawa ay mayroong dalawang hakbang.
Upang masunod ang panuto kailangan sundin ang sumusunod:
Makinig at unawaing mabuti ang panuto.
Gawin ang unang hakbang
Gawin ang ikalawang hakbang.
Suriin kung nasunod ang mga hakbang.

**4B. Game: Panuto ni Isda, Gawin mo, Bata**

Sasabihin ng guro: Maglaro naman tayo ng *Panuto ni Isda, Gawin mo, Bata*.

Isasagawa ng guro: Gumawa ng 5 kard na hugis isda at sulatan ng panuto ang bawat kard. Ilagay ang mga ito sa mangkok. Hatiin ang klase sa apat na grupo. Bigyan ng isang manila paper ang bawat grupo. Ibigay ang panuto.

Sasabihin ng guro: Tatawag ako ng mag-aaral na bubunot ng kard sa loob ng mangkok.
Ibibigay ito sa akin at babasahin ko ang panutong nakasulat sa kard.
Isasagawa ng bawat grupo ang panutong binasa.
Ang grupo na unang makasunod sa panuto ay makakakuha ng isang puntos. Ang grupo na may pinakamataas na iskor ang mananalo sa larong ito.

Mga panuto na nasa kard.

1. Bumuo ng bilog at isigaw ng grupo ang salitang "Matatag".
2. Itaas ang mga kamay at sabihin ang unang pangalan ng guro.
3. Kumuha ng kwaderno at itaas ito.
4. Maupo at pumalakpak ng 3 beses.
5. Ilagay ang manila paper sa sahig at tumapak dito ang inyong grupo.

**4C. Gawin Ito**

Sasabihin ng guro: Gawin ang susunod na gawain.

Panuto: Iguhit sa papel ang inyong paboritong gamit at kulayan ito.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Oras na Ilalaan: 5 minuto

Sasabihin ng guro: Sagutin ito sa kwaderno.

1. Masaya ka ba sa mga ginawa mo ngayon?
2. Ano ang gusto mong gawin sa mga susunod na aralin?

Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod ay kilalanin o tutukuyin natin ang mga salitang kailangang gamitin sa pagbibigay ng panuto.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

## Day 1, Lesson 2

### Pagsunod sa Panuto

### Key Idea

- Makasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.
- Makikilala o matutukoy ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng panuto.

### Most Essential Learning Competencies

- Nakasusunod sa napakinggang panuto na may 1-2 hakbang.
- Nakikilala o natutukoy ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng panuto.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Sasabihin ng guro: Awitin at unawain ang kantang "May tatlong Bibe". Sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Time: 7 mins.

**Awit: May tatlong Bibe**

May tatlong bibe akong nakita
Mataba mapayat mga bibe
Ngunit ang may pakpak sa likod na iisa
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak
Kwak kwak kwak
Kwak kwak kwak

Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak
Tayo na sa ilog ang sabi
Kumendeng kumendeng ang mga bibe
Ngunit ang may pakpak sa likod na iisa
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak
Kwak kwak kwak
Kwak kwak kwak
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak
Siya ang lider na nagsabi ng kwak kwak

Itanong:

1. Ilang bibe ang nabanggit sa kanta? Ilarawan ang mga bibe.
2. Sino ang lider na nagsabi ng kwak kwak?

Sasabihin ng guro: Gawin natin ito.

Kumendeng habang sinasabi ang kwak, kwak, kwak

**Component 2: Lesson Purpose/Intention**

**Time: 3 mins.**

Sasabihin ng guro: Sa araling ito ay makikilala o matutukoy ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng panuto na may 1-2 hakbang.

**Component 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Ipagawa ang sumusunod.

Panuto: Hanapin at bilugan ang mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng panuto. Gawing gabay ang mga salitang nasa kahon sa kanan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | H | A | R | A | P | A | N |
| D | B | T | W | Z | U | X | G |
| K | A | L | I | W | A | F | I |
| A | M | O | Z | Q | T | K | T |
| N | V | O | Y | X | K | P | N |
| A | P | B | R | G | O | Q | A |
| N | Z | Q | X | J | X | Z | R |
| Q | L | I | K | U | R | A | N |

kaliwa
likuran
gitna
loob
kanan
harapan

Sasabihin ng guro: Basahin ang mga nabuong salita.

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A.** Panuto: Tingnan ang larawan ng bata na nasa gitna ng apat na lugar. Tukuyin kung saang direksyon matatagpuan ang sumusunod. Piliin ang sagot na nasa kahon.

1. paaralan
2. simbahan
3. ospital
4. bahay



| | |
|---|---|
| harapan | kanan |
| kaliwa | likuran |

**4B. Game: Fishbowl**

Sasabihin ng guro: Kanina ay bumuo tayo ng mga salita na nagsasaad ng direksyon. Ngayon ay maglalaro tayo gamit ang fishbowl. Sa loob ng fishbowl ay may mga salitang nakasulat sa flash card.

- Tatawag ang guro ng batang kukuha ng flash card sa loob ng fishbowl. Ipapadikit sa pisara at ipapabasa.

Sasabihin ng guro: Basahin natin ang mga salita.

Kanan | Kaliwa | Likuran | Harapan

Ibaba | Ilalim | Loob

Itanong: Saan ginagamit ang mga salitang ito?

Sasabihin ng guro: Sa pagbibigay ng panuto, kailangan gamitin ang mga salitang *kanan, kaliwa, likuran, harapan, ibabaw, ilalim, at loob* upang madaling matukoy ang mga bagay o gawain na nais mo.

Ipagawa ito.

Panuto: Basahin ang bawat panuto. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng tamang pagsunod sa panuto? Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Gumuhit ng bilog sa loob ng tatsulok.





2. Gumuhit ng tatlong bituin at bilugan ang nasa gitna.




3. Gumuhit ng tatlong puso at bilugan ang nasa kanan.




4. Gumuhit ng mesa at iguhit ang bola sa ilalim nito.




5. Tumayo sa harapan ng bahay.




**4C. Gawin Ito**

Sasabihin ng guro: May babasahin akong limang panuto. Isa dito ang gagawin ng bawat isa sainyo. Pumili ng isang bilang sa isa hanggang lima (1-5) at isulat ito sa kwaderno. Ang napili ninyong bilang ay nagsasaad ng panuto na gagawin ninyo.  Gawin ito sa ibaba ng bilang na sinulat ninyo sa kwaderno.

Ipakita at basahin ang sumusunod na mga panuto.

1. Gumuhit ng parisukat at sa loob nito gumuhit ng tatsulok.
2. Gumuhit ng bituin sa kanan ng parihaba.
3. Gumuhit ng hugis puso at isulat ang iyong pangalan sa loob nito.
4. Isulat ang letrang D sa kaliwa ng letrang E.
5. Gumuhit ng kahon at sa ibabaw nito iguhit ang bilog.

Itanong: Naisagawa niyo ba nang tama ang nakasaad sa panuto?

Ano-ano ang mga salitang ginamit upang mabilis niyong maisagawa ang panuto?

(Sagot: loob, kanan, kaliwa, ibabaw)

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sasabihin ng guro: Isulat sa kwaderno ang sagot.

1. Ano ang masasabi mo sa araling tinalakay natin?
2. Iguhit ang masayang mukha kung naintindihan ang mga ginawa.
   Iguhit ang malungkot na mukha kung hindi naintindihan ang mga ginawa.

Pagtatapos ng aralin:

Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay tatalakayin natin ang tungkol sa mga tunog na napapalitan at nadadagdagan upang makabuo ng bagong salita.

**Paalala sa Guro:**
Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

# Day 2, Lesson 3

**Pagbuo ng Salita**

**Key Idea**

- Pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita

**Most Essential Learning Competencies**

- Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita (F1KP -IIIh - j – 6)

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Awiting Pambata- "Tong Tong Tong Pakitong-Kitong"

- Sasabihin ng Guro: Kumusta kayo ngayong araw? Sa pagsisimula, awitin natin ang "Tong, Tong,Tong Pakitong-kitong"

Tong tong tong tong pakitong-kitong
Alimango sa dagat
Malaki at masarap
Mahirap mahuli
Sapagkat nangangagat

Tang tang tang tang pakatang-katang
Alamanga sa dagat
Malaka at masarap
Maharap mahala
Sapagkat nangangagat

Teng teng teng teng peketeng-keteng
Elemenge se deget
Meleke et meserep
Meherep mehele
Sepegket nengengeget

Ting ting ting ting pikiting-kiting
Ilimingi si digit
Miliki it misirip
Mihirip mihili
Sipigkit ningingigit

Tong tong tong tong pokotong-kotong
Olomongo so dogot
Moloko ot mosorop
Mohorop moholo
Sopogkot nongongogot

Tung tung tung tung pukutung-kutung
Ulumungu su dugut
Muluku ut musurup
Muhurup muhulu
Supugkut nungungugut

Tong tong tong tong pakitong-kitong
Alimango sa dagat
Malaki at masarap
Mahirap mahuli
Sapagkat nangangagat

Itanong:

1. Anong mapapansin sa mga salitang ginamit sa awitin?
2. Anong mga patinig ang ginamit sa awitin?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sasabihin ng guro:

- Sa araling ating pag-aaralan, tayo ay magpapalit at magdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita.


**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Random Wheel**

Sasabihin ng guro: Ngayon, bubuo tayo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagpapalit at pagdaragdag ng salita. Gamitin natin ang Random Wheel.

Ipangkat ang klase sa 2 hanggang 3 pangkat.
Mula sa mga salita na nasa loob ng gulong/wheel pabubuoin ng salita ang bawat miyembro ng pangkat.




Itanong:

1. Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ito?
2. Ano-anong mga salita ang inyong nabuo?
3. Sa paanong paraan nabuo ang salita?

Ipasulat ang mga salitang mabubuo mula sa gulong o wheel.

Ipabasa ang mga salitang nabuo.


**Bahagi 4*: Lesson Activity***


Time: 25 mins.


**4A. Game: Palitan, Dagdagan at Kilalanin**

Sasabihin ng guro:

Alamin pa natin ang iba pang mga salita na mabubuo kapag pinalitan at dinagdagan natin ng ibang letra o tunog. Gamit ang mga salita at larawan na nasa loob ng kahon, ating palitan o dagdagan ng angkop na letra upang mabuo ang salita.



Itanong:

1. Ano ang inyong ginawa upang makabuo ng bagong mga salita?
2. Ano-anong mga letra ang inyong ginamit para mabuo ang mga salita?
3. Ano ang inyong maaaring gawin upang makabuo ng bagong salita?

Sasabihin ng guro:

Ang mga salita ay maaaring dagdagan o palitan ng letra sa unahan, gitna o hulihan upang makabuo ng bagong salita.

Halimbawa ng pagpapalit:

Sa unahan: baso, laso,

Sa gitna: agiw, aliw

Sa hulihan: baha, baho

Halimbawa ng pagdaragdag:

Sa unahan: d + asal = dasal

Sa gitna: n + payo = panyo

Sa hulihan: santo + l = santol




**4B. Magkuwentuhan Tayo!**

Sasabihin ng guro:

Upang lubos ninyong matutuhan ang pagbuo ng salita sa pamamagitan ng pagpalit at pagdaragdag ng letra o tunog, ating basahin at buoin ang maikling kuwento na pinamagatang "Ang Magkaibigan." Gamit ang mga larawan, ibigay ang wastong salita sa pamamagitan ng pagdagdag o pagpalit ng mga letra sa unahan, gitna o hulihan ng salita.

**Ang Magkaibigan**

Araw ng Sabado pumunta ang magkakaibigan sa ___apa. 

Bitbit nila ang ___asa  at ___ anga.  Masaya silang nagtampisaw sa sapa kasama ang ibang ____ata.  Pagkatapos nilang maligo, sila ay nanghuli ng isda at __ipon  gamit ang kanilang mga kama___.  Pagsapit ng hapon, sila ay umuwi sa kani-kanilang baha__ .

Itanong:

1. Tungkol saan ang kwento?
2. Sino ang nasa sapa?
3. Ano ang dala ng magkakaibigan?
4. Ano ang ginawa ng magkakaibigan sa sapa?
5. Masaya ba sila sa kanilang ginawa sa sapa? Sa iyong palagay, bakit kaya?

**Bahagi 4C: Kumpletuhin Natin**

Panuto: Dagdagan ng wastong letra ang patlang upang mabuo ang salita batay sa nakalahad na kahulugan.

1. Ginagamit ito sa paglalarawan ng lokasyon ng isang lugar.

   ma___a

2. Nabigla si Ana sa kanyang nakita.

   gu___at

3. Namamalat ang boses ni Ara.

   ___aos

4. Hindi maayos ang mga gamit ni Lina sa loob ng bag.

   ___alat

5. Tinatakip sa katawan kapag malamig.

   kumo___

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Panuto: Sagutin ito sa kwaderno.

1. Masaya ka ba sa mga ginawa mo ngayon?
2. Ano ang nagustuhan mo sa mga ginawa natin?

Paalala sa Guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

# Day 2, Lesson 4

**Pagbuo ng Salita**

**Key Idea**

- Pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita

**Most Essential Learning Competencies**

- Napapalitan at nadadagdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita (F1KP -IIIh - j – 6)
- Natutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: “Tunog ng mga Letra”

Sasabihin ng guro:
Kumusta kayo ngayong araw? Bago tayo magsimula, atin munang kantahin ang awiting “Tunog ng mga Letra.”

Itanong:
Ano-anong mga letra at tunog ang napakinggan sa kanta?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutuhan ang pagpapalit at pagdaragdag ng mga letra o tunog upang makabuo ng bagong salita, at matutukoy ang ugnayan ng teksto at larawan

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.


**Game: Guess the Word**

Sabihin ng guro: Ngayon, bubuo tayo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdaragdag o pagpapalit ng letra. Pero bago iyan, tingnan natin kung anong mga salita ang inyong mabubuo gamit ang mga pantig na nasa semantic web.

- Ihanda ang mga kagamitan para sa gawain at ipangkat ang klase sa 2 or 3.

Itanong:

1. Ano-anong mga salita ang inyong nabuo?




| | | |
|---|---|---|
| lata | lawa | labi |
| laya | lasa | |
| laro | laba | |

2. Ano ang masasabi ninyo sa mga salitang inyong nabuo? Paano ninyo nabuo ang mga salita?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Palitan, Dagdagan at Kilalanin**

Sasabihin ng guro:
Kanina ay bumuo tayo ng mga salita sa pamamagitan ng pagsama-sama ng mga pantig. Ngayon, gamit ang mga letra na nasa loob ng kahon, ating buoin ang mga salitang nakadikit sa pisara.

- Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Ang bawat pangkat ay kukuha ng mga letra sa loob ng kahon at idikit sa mga salita na nasa pisara. Ang pangkat na unang makatapos ay tatanghaling panalo.

- mga letrang nasa kahon

| b | n | r | l | m | t | y | k | p | s |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

Pagdaragdag sa unahan:

| ___usa = ______ | ___ama = ______ | ___asa = ______ |
|---|---|---|

Pagdaragdag sa gitna:

| ta__on = ______ | ka__a = ______ | pi__o = ______ |
|---|---|---|

Pagdaragdag sa hulihan:

| buka___ = ______ | baha___ = _______ |
|---|---|


Pagpapalit ng letra: Palitan ang may salungguhit na letra.

| puso = _______ | taya = ______ | kaya = ______ | buhat = ______ |
|---|---|---|---|

Ipabasa ang mga salitang nabuo.

**4B.** Bumuo ng bagong salita. Gamiting gabay ang mga larawan.


1. bata  __ata 

2.dahon  = __ahon _______ 

3.ulan  = ula___ 



2. alon  = ___alo

3. pito  pi__to 

**4C. Magkuwentuhan Tayo**

Sasabihin ng guro:

Upang lalo natin matutuhan ang pagbuo ng salita sa pamamagitan ng pagpalit at pagdaragdag ng letra o tunog, basahin at buoin natin ang maikling kuwento na pinamagatang "Ang Alaga ni Rita." Punan natin ang nawawalang letra o tunog.
Buoin ang kuwento. Ibigay ang wastong salita sa pamamagitan ng pagdagdag o pagpalit ng mga letra sa unahan, gitna o hulihan ng salita.

## Ang Alaga ni Rita

Si Rita ay may alagang aso at __usa. Masaya siyang naglalaro kasama ang kanyang mga alaga. Nilagyan niya ng kula__ pula na la__o ang kanyang pusa. Dila__ naman ang laso ng kanyang aso. Mahal na mahal niya ang kanyang mga alaga.

Itanong:

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Ano-ano ang mga alaga ni Rita?
3. Ano ang nilagay ni Rita sa kanyang mga alaga?
4. Ano ang kulay ng mga laso ng mga alaga ni Rita?
5. Masaya ba si Rita sa kanyang mga alaga? Bakit?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Panuto: Sagutin ito sa kwaderno.

1. Masaya ka ba sa mga ginawa mo ngayon?

2. Ano ang nagustuhan mo sa mga ginawa ngayon?

Sasabihin ng guro:

Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pag-aaralan natin ang wastong pagbabaybay ng mga salitang natutuhan sa aralin at salitang may tatlo-apat na pantig.

Paalala sa Guro: Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

# Day 3, Lesson 5

## Key Idea

- Nakikila at nababaybay nang wasto ang tamang pangalan ng mga larawan.

### Most Essential Learning Competencies

- Nababaybay nang wasto ang mga salitang natutunan sa aralin at salitang may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Alpabasa

- Itanong: Kumusta kayo mga bata? Handa na ba kayo sa gagawin natin sa araw na ito?
- Ipaawit ang "Alpabasa"

**ALPABASA**

Ang ating alpabeto

Ating pag-aralan

Umpisahan ngayon

| | |
|---|---|
| Aa- aso | Oo- okra |
| Bb – bola | Pp – pato |
| Cc – cactus | Qq – Quezon |
| Dd – daga | Rr – rosas |
| Ee – eroplano | Ss – sisiw |
| Ff – French fries | Tt – tigre |
| Gg – gatas | Uu – ubas |
| Hh – hipon | Vv – venus |
| Ii – ilaw | Ww – watawat |
| Jj – jeepney | Xx – xylophone |
| Kk – keso | NGng – ngipin |
| Ll – lamok | Ññ– enye |

Ating alpabeto

Madaling pag-aralan

At huwag mong kalimutan

Laging tatandaan

Sasabihin ng guro: Kahapon natutunan ninyo ang pagpapalit at pagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng bagong salita. Ngayon, gawin natin ito sa kanta. Palitan ng tunog o letra ang mga sumusunod na salita.

aso - a__o
daga - ____aga
gatas - ____atas
pato - pat____
bola - bo___a

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sasabihin ng guro: Sa araling ito ay matutunan natin ang pagbabaybay nang wasto ng mga salitang natutunan sa aralin at salitang may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Mga salita: watawat, mananahi, lamesa, mangingisda, halaman**

PANUTO: Mula sa larawan, dagdagan ng nawawalang letra/pantig upang mabuo ang wastong baybay ng salita.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***


Time: 25 mins.

**4A. Baybay at Pantig**

- Sasabihin ng guro: Pag-aaralan natin ang pagbabaybay nang wasto ng mga salitang may tatlo o apat na pantig.

PANUTO: Kilalanin ang mga larawan. Pagkatapos, isulat sa talahanayan ang tamang baybay at bilang ng pantig.

| Bagay | Tamang Baybay | Bilang ng Pantig |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |

| | | |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |

Itanong: Ano-anong salita ang may tatlo o apat na pantig?

- Ipabasa at ipabaybay ang bawat salita ng dalawang beses.
- Ipakita ang wastong pagsulat ng tamang baybay at pagpantig ng mga salita. Maaaring isulat nila ito sa "Show Me Board."
- Tumawag ng mga mag-aaral at ipasulat ang mga salita na may tatlo o apat na pantig sa pisara. Gabayan kung nagkamali.

**4B. Puzzle**

Panuto: Kilalanin ang pangalan o tawag sa mga larawan. Hanapin at bilugan ang mga letra o salita sa puzzle. Pagkatapos, isulat sa kwaderno ang salita o pangalan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | U | L | A | K | L | A | K |
| H | S | W | P | P | B | R | R |
| A | O | L | A | O | T | C | A |
| L | A | M | E | S | A | U | Y |
| A | N | K | S | I | S | Y | O |
| M | A | N | I | K | A | F | L |
| A | L | E | U | U | G | A | A |
| N | E | R | N | D | T | M | Q |

**Itanong:**

1. Ano-ano ang mga nabuo ninyong salita?
2. Alin-alin ang mga salitang may pantig na tatlo o apat?

- Magmasid sa paligid ng silid-aralan. Hanapin ang mga bagay na may tatlo o apat na pantig at isulat ito pisara.

**4C. Tamang Baybay**

PANUTO: Kilalanin ang mga larawan. Pagkatapos, piliin at salungguhitan ang tamang baybay.

| Larawan | | |
|---|---|---|
| 1.  | manggagamot | magngangamot |
| 2.  | paengke | palengke |
| 3.  | anbyolansya | ambulansya |
| 4.  | magsasaka | mgaassaka |
| 5.  | stokolate | tsokolate |

Itanong:

1. Ano-ano ang mga tamang sagot?
2. Alin-alin ang mga salitang may pantig na tatlo o apat?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Lagyan ng tsek (/) ang kahon kung ang isinasaad ay nagawa at ekis (X) kung hindi.

| | |
|---|---|
| Napapantig ko ang mga salita. | |
| Nabibigkas ko nang wasto ang bawat salita. | |
| Masaya ako habang ako ay gumagawa sa mga gawain. | |
| Nasunod ko ang tamang pagbaybay ng mga salita. | |
| Nabaybay ko ang mga salita batay sa pantig ng mga salita. | |

| |
|---|
| Sasabihin ng guro: Sa susunod na aralin, aalamin natin ang mga salitang may tatlo o apat na pantig mula sa kuwentong binasa. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin. |

## Day 3, Lesson 6

**Key Idea**

- Makapagbaybay ng salita na may tatlo o apat na pantig.

**Most Essential Learning Competencies**

- Nababaybay nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

*Maaring tumayo ang mga mag-aaral at sabay-sabay awitin ang awiting "COCOMELON"*

Time: 7 mins.

Awit: CoComelon

- Sasabihin ng guro: Kumusta kayo mga bata?
- Ipaawit ang "CoComelon"
- Itanong: Ano ang naramdaman mo habang inaawit ang kanta?
- Sasabihin ng guro: Basahin ang mga sumusunod na salita. Sabihin kung ilang pantig meron ang bawat salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| masaya | mapalad | masipag | masunurin |
| masayahin | malusog | kaibigan | mapagmahal |

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, matututuhan natin ang pagbabaybay ng mga salita na may tatlo o apat na pantig.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

*Itanong sa mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagbabasa.*

Time: 5 mins.

Sasabihin ng guro: Magbabasa tayo ng maiikling kwento. Subalit bago tayo magbasa, kilalanin muna natin ang mga salitang ginamit sa kwento. Babasahin ko ang panuto.

Panuto: Kumpletuhin ang bawat pangungusap. Punan ng tamang salita ang patlang. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| matalik | nagdalawang-isip | binukod |
| dentista | karpintero | |

1. Nagpalinis ng ngipin si Kardo sa ________________.
2. Inayos ng ______________________ ang aming bahay.
3. ____________________ ni Maria ang mga basurang nabubulok at hindi nabubulok.
4. Hindi ___________________ si Ana nang yayain siyang magsimba ng kanyang kaibigan.
5. Masaya kaming naglaro ng aking ___________________ na kaibigan.

Sasabihin ng guro: Basahin natin ang mga pangungusap.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Kwento**

Sasabihin ng guro: Magbasa tayo ng maikling kwento. Makinig habang binabasa ko ito. Pagkatapos, kayo naman ang magbabasa.

Panuto: Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

**Ang Aking Kaibigan**

Noong Linggo, umalis ang aking inay upang mamalengke habang ako naman ay abalang-abala sa paglilinis ng aming bahay. May kumatok sa aming pintuan at nang ito'y aking binuksan, laking gulat ko nang makita ko ang aking kaibigan na si Tina. Siya ay aking matalik na kaibigan simula noong kami ay nasa Kindergarten pa lamang. Matagal na hindi kami nagkita.

Masaya ako sa pagkikita naming muli ng aking kaibigan.

Itanong:

1. Tungkol saan ang kuwento na inyong binasa?
2. Ano-anong mga salita ang may tatlo o apat na pantig?

**4B. Salita at Pantig sa Kwento**

Sasabihin ng guro: Narito ang isa pang kwento. Ibigay ang mga salitang may tatlo o apat na pantig.

Ang Batang Matulungin

Isang araw, habang papasok si Ana sa paaralan, nadaanan niya ang kanyang kaklaseng naglilinis sa labas ng kanilang silid-aralan. Hindi siya nagdalawang - isip, agad siyang kumuha ng walis tingting upang makatulong. Binukod nila ang mga basurang nabubulok at hindi nabubulok. Tuwang-tuwa ang guro sa ginawa ni Ana.

Itanong: Bakit natuwa ang guro sa ginawa ni Ana?

**4C.** Bilang ng Pantig

Sasabihin ng guro: Isulat ang wastong tawag sa trabaho o gawain ng mga nasa larawan at isulat ang bilang ng pantig ng salita.

| Larawan | Gawain | Bilang ng pantig |
|---|---|---|
|  | __________ | __________ |
|  | __________ | __________ |
|  | __________ | __________ |
|  | __________ | __________ |
|  | __________ | __________ |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sasabihin ng guro: Isulat sa kwaderno ang sagot sa sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang natutunan mo sa araling ito?
2. Masaya ka ba sa natutunan mo sa araling tinalakay? Bakit? Bakit hindi?

Pagtatapos ng aralin:

Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pag-aaralan natin ang pagbibigay ng susunod na mangyayari sa napakinggang kwento.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang kwento o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

# Day 4- Lesson 7

## Makapagbigay ng susunod na pangyayari sa napakinggang kwento

## Key Idea

- Pagbibigay ng susunod na pangyayari o paghuhula (Predicting)

### Most Essential Learning Competencies

- Nabibigay ang susunod na mangyayari sa napakinggang kwento.
  . F1-IVe-9

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Awit: Huwarang Mag-aaral.

- Sasabihin ng guro: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ipaawit ang "Huwarang Mag- aaral"

"Aking mga kaklase tayo'y maging responsible sa silid man o tahanan dapat maging huwaran. Gumising nang maaga at ayusin ang sarili. Pumasok sa tamang oras at sa mga guro ay bumati. Magsuot ng uniporme. Galangin ang watawat. Tulungan ang mga kaklase at sa sarili ay maging tapat. Gawin ang takdang-aralin. Iwasang magdaldal. Sundin ang mga alintuntunin. Ika'y huwarang mag-aaral."

Itanong:

1. Ano ang naramdaman mo habang umaawit?
2. Ano-anong pangyayari ang nabanggit sa awit?

Sasabihin ng guro: Sa nakaraan, natutuhan natin ang tungkol sa pagbabaybay nang wastong salitang natutunan sa aralin at mga salitang may tatlo o apat na pantig.Tayo ay magbalik tanaw sa pamamagitan ng pagsagot ng mga gawain. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Tingnan ang mga larawan. Isulat ang tamang trabaho o gawain at ang bilang ng pantig.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, matututuhan ang pagbibigay ng susunod na pangyayari sa kuwentong napakinggan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Hulaan Mo!**

Itanong: Gusto nyo bang makarinig ng kwento? Anong naramdaman nyo habang nakikinig sa kwento?

Sasabihin ng guro : Ngayon pumili ka ng kapareha na kasama o kasabay mong magbabasa ng kuwento

Ipagawa:

PANUTO: Makinig habang binabasa ng guro ang kuwentong "Ang Pusa ni Aling Lita." Pagkatapos sagutin ang mga tanong.

Itanong : 1. Tungkol saan ang kuwento?

2. Ano ang ginawa ng pusa ni Aling Lita?

3. Kung kinain ng pusa ang nilutong isda ni Aling Lita na magiging hapunan nila, sa palagay mo, ano ang susunod na mangyayari?

4. Ano ang naging batayan sa paghihinuha ng susunod na pangyayari?

5. Sang-ayon ka ba sa mga inilahad na paghihinuha ng susunod na pangyayari? Pangatwiranan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Pick and Tell**

Sasabihin ng guro:

- Sa kuwentong napakinggan, naibigay mo ang susunod na pangyayari. Ngayon naman, aalamin natin ang mga salitang ginagamit sa paglalahad ng susunod na pangyayari sa kuwento.

Isagawa:

- Ihanda ang material na babasahin.
- Mula sa mga kuwento/material na babasahin, pabubunutin ang mga mag-aaral ng nais nilang basahin.
- Ipabasa ito nang malakas sa harap ng klase. (Maaaring pumili lang ng ilang mag-aaral.)
- Ipabahagi sa mag-aaral ang naisip nilang susunod na pangyayari.

Itanong:

- Anong mga salita o pahiwatig sa pagtukoy ng mga susunod na pangyayari ang ginamit o nabanggit?

Pagbibigay ng input ng guro

-May mga salita/hudyat/pahiwatig na ginagamit sa paglalahad ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Ilan sa mga salitang ito ay baka, tila, siguro, marahil, yata, sa palagay ko.

Ipagawa:

- Ipabasa nang sabay-sabay ang mga salitang ginagamit sa paglalahad ng susunod na pangyayari na nasa kard- baka, tila, siguro, marahil, yata, sa palaga ko.
- Magpabasa ng isang maikling kuwento sa mag-aaral. Pagkatapos, magpahinuha ng maaaring susunod na pangyayari gamit ang natutuhang mga salita/pahiwatig.

**4B. Game: Ikahon Mo Ako!**

Sasabihin ng guro: Upang lalong matutuhan at makilala kung paano makapagbigay ng susunod na pangyayari, maglaro tayo.

Isagawa: Ihanda ang kagamitan at ibigay ang panuto sa paglalaro.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga susunod na pangyayari. Piliin ang letra ng angkop na mangyayari sa napakinggang kuwento.

☐ 1. Si Pedro ay mahilig kumain ng tsokolate at kendi.
   a. Gaganda ang kaniyang ngipin.   b. Baka masira ang kaniyang ngipin.

☐ 2. Si Faith ay mahilig kumain ng gulay at prutas.
   a. Marahil si Faith ay magiging malusog.   b. Si Faith ay magiging sakitin.

☐ 3. Madalas makipag-away si Lenard sa kaniyang kapatid.
   a. Matutuwa ang kaniyang magulang.   b. Magagalit yata ang kaniyang magulang.

☐ 4. Masayang nagpapalipad ng saranggola ang mga bata nang biglang kumulimlim ang kalangitan.
   a. Baka bubuhos ang malakas na ulan.   b. Sisikat ang araw.

☐ 5. Mahilig maglaro ng online games si Tyronia . Halos inaabot siya ng magdamag sa kalalaro.
   a. Baka lumabo ang kaniyang mata.   b. Tataas ang kaniyang marka.

**4C. Gawin Mo**

Sasabihin ng guro: Ngayon, sagutan mo ang gawain na ito.

- PANUTO: Basahin ang kwento at ibigay ang susunod na mangyayari.

Ang Kuneho at ang Pagong
ni Aesop

May isang kuneho na nagyayabang sa iba pang mga hayop tungkol sa kaniyang bilis at naghahamon pa ng paligsahan. Tinanggap ng isang pagong ang kaniyang hamon. Sa simula ay inakala ng kuneho na ito ay isang biro, ngunit seryoso ang pagong. Sinimulan ang paligsahan at sa simula ay buong bilis na tumakbo ang kuneho. Napansin niya na sobrang layo na niya sa pagong. Pinagtawanan ng kuneho ang pagong. Nagpasiya ang kuneho na matulog muna dahil sa pakiwari niya ay hindi na makahahabol sa kaniya ang pagong. Ang pagong naman kahit mabagal ay patuloy na sa kaniyang paglakad.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

**Pasagutan sa kwaderno.**

1. Ano ang natutuhan mo sa aralin?
2. Masaya ka ba sa mga ginawa natin? Bakit ka masaya? Bakit hindi?

- Pagtatapos ng aralin:
  Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod ay matututunan naman natin ang pagbibigay ng orihinal na kuwento sa napakinggang kwento.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

# Day 4, Lesson 8

Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento

## Key Idea

- Nakapagbibigay ng orihinal na kuwento sa napakinggang kuwento.

### Most Essential Learning Competencies

- Nakapagsasalaysay ng orihinal na kuwento na kaugnay ng napakinggang kuwento. F1PS-IIg-7

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Sasabihin ng guro : Ngayon may ipababasa ako sainyong kuwento (Tahimik itong babasahin ng klase.)

Sina Luna at Jeka
Sa panulat ni Claudine T. Sabado

Magkaibigan sina Luna at Jeka. Isang araw, sila ay nag- away dahil sa manika. Naging malungkot sila dahil mahal nila ang isa't isa. Naisip ni Luna na makipagbati na. Nagpunta siya sa bahay ni Jeka na may dalang hinog na mangga. Ipinagluto naman sila ng nanay ni Jeka ng masarap na lomi.

- Itanong:

Ano sa tingin ninyo ang sumunod na pangyayari?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Sasabihin ng guro: Sa pagsasalaysay ng napakinggang kuwento, dapat mong tandaan na basahin at unawain nang mabuti ang pangyayari sa kuwento.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Ipagawa:

- Ipasulat o ipaguhit sa mag-aaral ang sariling pagsasalaysay ng kuwento nina Luna at Jeka.
- Ipabahagi sa klase ang naisulat o naiguhit na pagsasalaysay na kuwento.

Itanong: Sa inyong palagay, alin sa mga nagsalaysay o gumuhit ang nakapagbigay ng pinakamalapit na pagsasalaysay? Ipaliwanag.

- Hayaan ang mga bata na maghinuha kung sino sa kanilang mga kaklse ang nakapagbigay ng pinakamalapit na sagot.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Reasoning Out** *(Guided Activity)*

- Isagawa ang sumusunod:

- Pagpaparinig ng isang kuwento na pinamagatang "Ang Laso ni Maya."
- Ipasalaysay muli sa piling mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong na nasa WORKSHEET.
- Ipabahagi sa mga piling mag-aaral.

- Sasabihin ng guro: Makinig nang maigi sa kuwentong aking babasahin.

**Ang Laso ni Maya**

Si Maya ay may laso. Bigay ito ng kaniyang lola Pina. Minsan hiniram ito ni Senya. "Napakaganda naman ng laso mo. Maaari ko bang mahiram?" wika ni Pina kay Maya. "Oo naman. Sige, basta iingatan mo lang ang sabi namin ni Maya." Pumunta sa palaruan sina Maya at Pina. Masayang-masaya silang naglalaro kasama pa ang iba nilang mga kaibigan. Hindi napansin ni Pina na nahulog pala ang lasong hiniram niya kay Maya. Umuwi na sina Pina at Maya. Napansin ni Pina na wala ang lasong kaniyang hiniram. Nalungkot si Maya sa nangyari.

**4B. Game: KWENTO KO DUGTUNGAN MO.**

- Sasabihin ng guro:
  - Narito ang isa pang kuwento na tiyak na maiibigan ninyo.

**Ang Tsinelas ni Pepe**
Ipinaskil ni Arnel B. Mahilom

Maganda ang dagat sa amin sa ilog ng Laguna. Bughaw na may halong luntian. Kapag walang sigwa ( bagyo o unos ) ang tubig sa dagat ay napaliligiran ng mga kawayang sumasayaw na tila umiindak kapag nahihipan ng hangin. Ang mga bangkang may layag ay parang may paruparong puti na naghahabulan. Ang bangka ay karaniwang gawa sa kahoy na inukit sa matibay na kahoy na nakukuha sa aming gubat. Kung minsan ito ay may dalawang katig na gawa sa matibay at mahabang kawayan upang ang bangka ay hindi gumiwang kapag ito ay nakatigil sa tubig. Karamihan sa gamit nito ay sa pangingisda ngunit sa aming lalawigan, ito ang ginagamit namin sa paglalakbay lalo na sa pagtawid sa ibayo ng dagat. Mabilis ito kaysa gumamit ng kalabaw o ng karetela. Naalala ko pa noon, kami ay nakasakay sa bangka nang humulagpos ang isa kong tsinelas. Ang tsinelas ay ang gamit sa pagpasok at pagpunta sa mga lakaran kung saan ang bakya na gawa sa kahoy ay hindi nararapat. Mabilis itong inanod sa tubig bago ko nahabol para kunin. Malungkot ako dahil iniisip ko ang aking tsinelas. Tiningnan ako ng nagsasagwan nang kinuha ko ang aking isa pang tsinelas at dali-dali kong itinapon sa dagat, kasama ang dasal na mahabol nito ang kaparehas na tsinelas. "Bakit mo itinapon ang iyong tsinelas ?" tanong sa akin ng kasama ko sa bangka. Isang tsinelas ang nawala sa akin at walang silbi sa makakikita. Ang isang tsinelas na nasa akin ay wala ring silbi sa akin. Kung sino man ang makakuha ng pares ng tsinelas ay magagamit niya ito sa kaniyang paglakad. Napatingin ulit sa akin ang mama. Marahil naunawaan niya ang isang batang katulad ko.

- Isagawa:
  - Ipaskil sa pisara o kaya naman maaring e-flash sa TV ang anekdota na ipinabasa.
  - Ibigay ang mechanics ng laro na may pamagat na **" Kwento ko Dugtungan Mo" .**

    **Mechanics ng Laro**

    ✓ Sisimulan ng guro ang pagkukuwentong muli ng binasang anekdota "Ang Tsinelas ni Pepe".

- ✓ Pagkatapos, tatawag siya ng mag-aaral na magpatuloy ng kaniyang kuwento.
- ✓ Ang mag -aaral naman na kaniyang tinawag ay tatawag din ng iba pang mag-aaral na magpapatuloy ng kuwento.
- ✓ Magpapaulit-ulit lamang hanggang sa matapos ang anekdota.

- **Itanong:**
  - ✓ Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa natin ang larong *Kwento ko Dugtungan Mo*?

**4C.** GAME : Pagbibigay ng orihinal na kuwento base sa napakinggang kwento.*(Individual Task)*

- Sasabihin ng guro:
- Upang malinang ang kaalaman sa pagsasalaysay muli ng kuwento, makinig sa babasahing kuwento. Pagkatapos, isalaysay muli sa gabay na tanong.

**Ang Batang Pasaway**

Si Botsing ay isang batang hindi nakikinig sa sinasabi ng kaniyang nanay. Isang araw, siya ay umalis ng bahay nang hindi nagpaalam. Sumama siya sa mga kaibigan at naligo sila sa ilog. Muntik ng malunod si Botsing, buti na lang at nahawakan siya ng isa sa kaniyang mga kaibigan. Pag-uwi ni Botsing ikinuwento niya ang nangyari sa kaniyang nanay. Muling pinaalalahanan ng kaniyang nanay si Botsing na laging makinig sa mga bilin niya para hindi na maulit ang nangyari sa kaniya .

Itanong:

1. Sino ang batang pasaway?
   a. Bibo b. Botsing
2. Anong klaseng bata si Botsing?
   Si Botsing ay isang batang__________.
   a. hindi nakikinig sa sinasabi ng nanay b. laging tulog
3. Saan pumunta si Botsing?
   Siya ay pumunta sa ______.
   a. sapa b. ilog
4. Ano ang nangyari kay Botsing?
   Si Botsing ay _________.
   a. nadapa b. muntik nang malunod
5. Ano ang habilin ng kaniyang Nanay?
   Ang habilin ng kaniyang Nanay ay___________.
   a. laging makikinig at sumunod sa utos b. magbingi-bingihan

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sasabihin ng guro:

- Para malaman kung natutuhan ninyo ang aralin, basahin nang tahimik ang kuwentong inyong mabubunot.

Isagawa:

- Ihanda ang mga sipi ng maikling kuwento na ipabubunot sa mga mag-aaral.
- Maghanda ng pamantayan sa isasagawang gawain o pagsukat ng natutuhan.

Pagtatapos ng aralin:

| |
|---|
| Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod, pag-aralan natin ang pagbibigay ng paksa ng talata. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring magdagdag ng mga larawang angkop para sa mga kuwento o mga gawaing hindi nabanggit sa aralin. |

**Day 5, Lesson 9**

**Key Word**

Naibibigay ang paksa ng talata

**Most Essential Learning Competencies**

* Naibibigay ang paksa ng talata.

* Natutukoy ang paksa ng talata.


* Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang talata.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Sasabihin ng guro: Magandang araw mga bata! Kumusta ang araw ninyo?
- Balikan natin ang aralin natin kahapon.
- Masdan ang mga larawan.
  Magbigay ng mga maaring mangyari sa mga sumusunod na larawan.





**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intervention**

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, matutukoy at maibibigay ang paksa ng talata.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Time: 5 mins

Pagpapakita ng guro ng mga larawan.


Itanong: Ano ang ipinakikita ng mga larawan? Unang larawan? Ikalawang larawan? At pangatlong larawan?

Tungkol saan ang mga larawan?

1.



2.



3.



**Bahagi 4: Lesson Activity**

Time: 25 min

**4A.**
Sasabihin ng guro: Kanina, tinukoy natin ang paksa ng larawan. Ngayon, magbabasa tayo ng talata at tutukuyin ang paksa nito.

Ipagawa: Pagpapasagot sa gawain.

PANUTO: Basahin ang bawat talata/pahayag. Pagkatapos, tukuyin ang paksa nito.

Si Andres Bonifacio ay isa sa ating Pambansang Bayani. Pinanganak syang mahirap. Maaga syang naulila sa mga magulang kaya di sya nakapag – aral. Ngunit sa sariling pagsisikap natuto syang bumasa at sumulat. Tinuruan syang bumasa ng kanyang ate. Napaunlad niya ang kaalaman nito.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Talumbuhay ni Andres Bonifacio

Ako ay aklat maraming nakasulat. Ako'y pangalagaan, laging pag-ingatan, sa kinabukasan mo, ako'y maaasahan.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Kahalagahan ng aklat.

Ang aking alaga Bantay ang pangalan. Sa araw at gabi kami'y inaalagaan. Kapag nakakita ng mga kalaban, ipagtatanggol aming sambahayan.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Tungkol sa alagang aso.

Pagpapasagot sa Pamprosesong Tanong:

Ano ang talata?

Sagot: Ang talata ay binubuo ng isa o lipon ng mga pangungusap na magkakaugnay. Ito din ay binubuo ng pangunahing paksa at pantulong na detalye.

Ano ang pangunahing paksa sa talata?

Sagot: Ang pangunahing paksa ay tumutukoy sa tema ng talata. Ito ang pinag-uusapan, inilalarawan at binibigyang diin sa isang talata.

**4B.**
Sasabihin ng guro: Upang matiyak na nauunawaan ang aralin, isagawa ang panapos na gawain.

Ipagawa:

PANUTO: Basahin ang sumusunod na talata. Pagkatapos, tukuyin ang paksa nito.

Oh bagyo! Ang dulot mo'y takot. Sa bawat pag-ikot, malakas mong hangin, saan ka dadalhin?

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Dulot ng bagyo.

Ang ating bandila ay may tatlong kulay. Ang pula ay sagisig ng katapangan, puti naman ay kalinisan, at ang bughay ay kagitingan.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Kulay ng watawat.

Ang pamilya ay binubuo ng ama, ina at mga anak. Ito ang pinakamaliit na yunit ng isang lipunan. Ang ama ay haligi ng tahanan at ang ina naman ay ilaw ng tahanan. Ang mga anak naman ay tungkuling mag-aral nang mabuti at tumulong sa tahanan.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Ang pamilya.

Si Allan ay may pangarap. Pangarap niyang maging isang guro balang araw upang maturuan ang mga bata at mabigyan ng sapat na edukasyon. Naging inspirasyon niya ang kanyang ina sa pangarap niyang ito.

SUSI SA PAGWAWASTO/SAGOT: Pangarap ni Allan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time:5 mins
Sagutin sa kwaderno.
Ano ang natutuhan ninyo sa araling tinalakay?
Ano ang masasabi ninyo sa mga gawain? Nagustuhan ba ninyo ang mga gawain? Bakit? Bakit hindi?

**Paalala sa guro:** Maaring gumamit ng mga larawan sa mga talata upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Maaari ding magbigay ng mga pagpipilian sa mga tanong tungkol sa paksa ng bawat talata.

**Day 5, Lesson 10**

**Key Word**

Naibibigay ang paksa ng talata

**Most Essential Learning Competencies**

* Naibibigay ang paksa ng talata.

* Natutukoy ang paksa ng talata.

* Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang talata.

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

Time: 7 mins

- Sabihin: Tingnan ang mga larawan. Ano ang pinapakita ng unang larawan? Pangalawang larawan? At pangatlong larawan?
- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga larawan.
- Itanong: Tungkol saan ang mga larawan? Unang larawan? Pangalawang larawan? Pangatlong larawan?

Itanong: Ano ang talata?

3.



2.





1.



**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intervention**

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutukoy at maibibigay ang paksa ng talata.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Time: 5 mins

- Sabihin: Tingnan ang mga larawan. Ano ang pinapakita ng unang larawan? Pangalawang larawan? At pangatlong larawan?
- Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang mga larawan.
- Itanong: Tungkol saan ang mga larawan? Unang larawan? Pangalawang larawan? Pangatlong larawan?

1.



2.



3.



**Bahagi 4: Lesson Activity**

Time: 25 min
**4A.**

Sasabihin ng guro: Kanina ay binigay at tinukoy natin kung tungkol saan ang mga larawang ating nakita. Ngayon naman ay magbabasa tayo ng talata at Ibibigay o tutukuyin natin ang paksa nito.

- Babasahin ng guro ang nasabing talata pagkatapos ay tatawag ng mag-aaral na gustong magbasa nito.

Ang edukasyon ay isang proseso ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng pagkakataon upang mapaunlad ang sarili at magkaroon ng magandang kinabukasan sa pamamagitan ng pagkamit ng mga pangarap.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang ating binasa ay tungkol sa edukasyon.

Dahil sa pandemyang naranasan ng ating bansa, ang mga mag-aaral ay nanatili sa loob ng tahanan at natuto sa pamamagitan ng pagsagot sa *modyul* at *online class*. Ito ang tinatawag na "Edukasyon sa *New Normal.*"

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang ating binasa ay tungkol sa Edukasyon sa New Normal.

Ang pamayanan ay isang yunit ng pamahalaan. Ito ay binubuo ng iba't ibang uri ng tao na may iba't ibang paniniwala, kaugalian at tradisyon.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang ating binasa ay tungkol sa pamayanan.

**4B.**
Sasabihin ng guro: Ngayon upang makita at malaman natin kung naunawaan ninyo ang ating aralin, subukan basahin ang mga talata at ibigay o tukuyin ang paksa nito.

Ang Pilipinas ay isang kapuluan. Ito ay binubuo ng malalaki at maliliit na pulo. May mga pulo na tinitirhan ng mga tao at ang ibang mga pulo naman ay walang nakatira.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang paksa ng ating binasa ay tungkol sa Pilipinas.

Bayanihan o pagtutulungan, pagbanggit ng po at opo, pagmamano sa mga nakatatanda, at marami pang iba ay itinuturo ng ating mga magulang hanggang sa ngayon. Ito ang mga magagandang kaugalian na minana pa natin sa ating mga ninuno.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang paksa ng ating binasa ay tungkol sa magagandang kaugalian natin.

Ang paaralan ay naglunsad ng proyektong "May Pakinabang sa Basura" upang maging malinis ang kapaligiran at mapakinabangan ang basura na itinatapon ng mag aaral.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang paksa ng ating binasa ay tungkol sa pakinabang ng basura.

Likas sa mga Pilipino ang pagiging matulungin sa kapwa. Anumang suliranin ang dumating tulad ng bagyo, sunog, baha o kahit anong pandemya kagaya ng Covid-19, mayaman man o mahirap ay handang magbigay ng tulong sa kanilang kapwa.

- Itanong: Ano ang paksa ng talatang binasa?
- Sagot: Ang paksa ng ating binasa ay tungkol sa pagiging matulungin ng mga Pilipino.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time:5 mins

Ano ang natutuhan ninyo sa araling tinalakay?
Anong gawain ang nagustuhan ninyo? Bakit?

**Paalala sa guro:** Maaring gumamit ng mga larawan sa mga talata upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Maaari ding magbigay ng mga pagpipilian sa mga tanong tungkol sa paksa ng bawat talata.

## Day 6, Lesson 11

Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Key Idea**

•Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
- Naibabahagi ang sariling karanasan ayon sa napakinggang kuwento.
- Naipapakita o Naipadadama ang malasakit sa naipahayag na karanasan.

<table>
<tr><td>

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sasabihin ng guro: Magandang araw mga bata. Ano ang iyong pakiramdam bago pumasok sa paaralan? Bilang pagsisimula at kamustahan, tukuyin ang kasalukuyang nararamdaman gamit ang mga emojis. Pagkatapos, sagutin ang tanong.
- Magpakita ng mga larawan ng iba't-ibang emosyon. (masaya, malungkot, nagagalit, natatakot, atpb.)
- Tanong<br>1. Ano-anong damdamin ang ipinakikita ng mga emojis/larawan?<br>2. Alin dito ang kasalukuyan mong nararamdaman? Bakit ito ang iyong nararamdaman?<br>3. Anong pangyayari maitatambal mo ang iba pang emoji?

</td></tr>
<tr><td>

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, kayo ay inaasahan na makapagsalaysay ng sariling karanasan na katulad sa kuwentong mapakikinggan/babasahin.

</td></tr>
<tr><td>

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Itanong: Nakagawa ka na ba ng isang *puzzle*? Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ito?
- Sasabihin ng guro: Ngayon, bubuo tayo ng isang *puzzle*. Tingnan natin kung ano kaya ang mabubuong larawan.
- Ihanda ang mga larawan ng *puzzle* at ipangkat ang klase sa 2 or 3.





**Tanong:**

1. Ano ang nabuong larawan?
2. Naging madali ba ang pagbuo sa puzzle? Ipaliwanag.
3. Ano ang iyong naramdaman habang binubuo ang puzzle? Ipaliwanag.

</td></tr>
</table>


4. Anong pangyayari at damdamin ang makikita sa larawan?
5. Kung ikaw ang nasa larawan, ano ang iyong mararamdaman? Bakit?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A: Damdamin mo, Choose mo!**


Tayo ay maglalaro ng ***Damdamin mo, Choose mo***. Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Pagkatapos, pumili sa larawan ng inyong naging damdamin. Maaaring gamiting batayan ang sariling karanasan. Maaaring magbahagi sa klase ng inyong mga karanasan.



**Sitwasyon 1:** Ikaw ay naimbitahan sa isang kaarawan ng iyong kaibigan sa kanilang bahay.



**Sitwasyon 2:** Ang iyong paboritong laruan ay hiniram ng iyong kapatid o kalaro ngunit ito ay hindi sinasadyang masira.



**Sitwasyon 3:** Kayo ay sasakay sa isa sa mga rides tulad ng roller coaster.



**Halimbawang sagot:**

*S1. Masaya, Mahihiya*

*S2. Malungkot, Magagalit*

*S3. Matatakot, Masaya*

Itanong:

- Ano – ano ang inyong mga karanasan sa mga sitwasyong nabanggit? Ibahagi mo nga sa klase ang inyong sariling karanasan sa bawat sitwasyon.

**4B. Think-Pair-Share**

- Sasabihin ng guro: Mula sa mga larawan na nagpapakita ng mga pagdiriwang, pumili ng dalawa hanggang tatlo. Pagkatapos, pumili ng kapareha kung kanino ibabahagi ang naging karanasan sa binanggit na pagdiriwang. Maaaring banggitin sa kapareha kung magkatulad o magkaiba kayo sa naging karanasan sa pagdiriwang na napili.

- Sasabihin ng guro: Pagkatapos ninyong ibahagi ito sa inyong kapareha, ibahagi naman sa klase. Alamin kung kayo ay naging magkatulad o magkaiba ng karanasan.

**4C. Sagutin Mo**

- Sasabihin ng guro: Basahin ang bawat sitwasyon. Pagkatapos, bilugan ang letra na nagpapahayag ng iyong damdamin sa sitwasyon.

1. Nakatanggap ka ng regalo sa iyong kaarawan mula sa iyong mga magulang. Ano ang iyong mararamdaman?
A. magiging malungkot C. maiinis
B. magiging masaya D. magagalit

2. Magsasagawa ang inyong paaralan ng lakbay-aral subalit hindi kasama ang mga magulang sa paglalakbay. Sa iyong palagay kung ikaw ay mawawala, ano ang mahalagang kagamitan ang makatutulong?
A. aklat B. alahas C. ID D. laruan

3. Ang inyong alagang aso ay namatay dahil sa katandaan. Ano ang gagawin mo?
A. Itatapon sa ilog.
B. Ilalagay sa plastic at itatapon sa basurahan.
C. Ilalagay sa bakuran ng kapitbahay
D. Ilalagay sa kahon at ililibing ng maayos

4. Alin sa sumusunod ang dapat palaging kinakain ng isang batang tulad mo?
A. gulay, prutas, kanin at gatas C. softdrinks at tsitsirya
B. kendi at tsokolate D. mga delata at noodles

5. Ano ang maaari mong gawin kung mayroon kang kaklaseng walang baon?
A. Huwag pansinin. C. I-share o bigyan ng pagkain.
B. Pagtawanan mo siya. D. Tuksuhin siya.

**Sample answers:**

*Q1. B*

*Q2. C*

| |
|---|
| *Q3. D*<br>*Q4. A*<br>*Q5. C* |
| **Bahagi 5: Lesson Conclusion**<br>Time: 5 mins.<br>•**Sasabihin ng guro**: Upang malaman kung may natutuhan sa aralin, sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>•It**anong:** Sa iyong palagay, maaari bang maiugnay ang sariling karanasan sa karanasan ng iba? Patunayan.<br>•**Sasabihin ng guro**: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod, magkakaroon pa tayo ng pagsasanay tungkol sa inyong sariling karanasan. |
| **Paalala sa guro:** Kolektahin ang gawaing pagsasanay ng mga mag-aaral upang masuri at mapag-aralan kung naunawaan ang aralin. |

## Day 6, Lesson 12

Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

## Key Idea

• Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

- Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento.
- Naibabahagi ang sariling karanasan ayon sa napakinggang kuwento.
- Natutukoy ang sariling karanasan ayon sa kuwentong napakinggang kuwento.
- Naipapakita o Naipadadama ang malasakit sa naipahayag na karanasan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sasabihin: Magandang araw mga bata. Kumusta kayo sa araw na ito?
  Maaari nyo bang gawin ang bawat kilos base sa inyong nararamdaman ngayong araw?
  1. Kung ikaw ay masaya, tumalon ng tatlong beses at sumigaw ng *wow!*
  2. Kung ikaw ay malungkot, pumalakpak ng isang beses at sumigaw ng *uh-oh!*
  3. Kung ikaw ay nagagalit o naiinis, pumadyak ng tatlong beses at sumigaw ng *rawr!*
  4. Kung ikaw ay natatakot, itaas ang dalawang kamay habang iwinawagayway at sumigaw ng *oh no!*
  5. Kung wala sa nabanggit ang iyong nararamdaman, pumalakpak ng limang beses at sumigaw ng hmmmmm!

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapahayag at makapagsasalaysay ng sariling karanasan na may kaugnayan sa kuwentong napakinggan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

Itanong: Naranasan mo na bang maglakbay papunta sa ibang lugar katulad ng probinsya o ibang bansa? Maaari mo bang ibahagi ang iyong naging karanasan?

**Bahagi 4***:* ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A: Pangkatang Gawain:**

- Hatiin sa 5 hanggang 6 na grupo ang klase.
- Sasabihin ng guro: Dugtungan ang mga pahayag/sitwasyon ng isa hanggang dalawang pangungusap batay sa sariling karanasan.

| | Tuwing aking kaarawan… | Tuwing ako ay nakikipaglaro sa aking kaibigan… | Tuwing ako ay napapagalitan ni Nanay o Tatay… |
|---|---|---|---|
| Mag-aaral 1 | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mag-aaral 2 | | | |
| Mag-aaral 3 | | | |
| Mag-aaral 4 | | | |

- Basahin at ibahagi sa klase ang iba't ibang karanasan sa nabanggit na sitwasyon.

**4B: Storytelling**

**Ang Paborito kong Araw**
**Isinulat ni: Aira P. Lim**

"Magandang umaga Nanay at Tatay!" Masayang pagbati ni Ralp sa kanyang mga magulang. Araw ng Sabado, siya ay susunduin ng kaniyang Lolo at Lola sa kanilang bahay. Tuwing Sabado, isinasama siya ng kaniyang Lolo at Lola sa People's Park upang mag-jogging at mag-ehersisyo. Isa rin sa paboritong gawin ni Ralp ay ang paglalaro ng badminton kasama ang kanyang Lolo at kumain ng chicken sandwich na gawa ng kaniyang Lola.

"Naku, mukhang ulan nang malakas!" Malungkot na wika ng kaniyang Tatay. "Hindi raw makararating ang iyong Lolo at Lola ngayong araw, anak, " wika ni Tatay. Napalitan ng lungkot ang saya na nararamdaman ni Ralp. Ngunit naisip rin niyang hindi nga magiging ligtas para sa kanila ang bumiyahe ng umuulan.

"Ayos lang po Nanay at Tatay. Maaari ko naman po silang i-videocall at kumustahin kahit malayo po sila. Sa ganoong paraan, parang nakasama ko na rin po sila."

"Tama, anak. Tawagan mo na lamang ang iyong Lolo at Lola mamaya. Maaari rin akong magluto ng paborito mong sopas at maglalaro tayo ng snake and ladders kasama si Tatay," wika ni Nanay.

"Talaga po, Nay? Sige po, tutulungan ko na po kayo sa paghahanda ng mga kakailanganin sa pagluluto ng sopas. Napakasaya talaga ng araw ng Sabado!" masayang wika ni Ralp.

- Itanong:
  1. Sino ang bata sa kwento?
  2. Ano ang kanyang paboritong araw?
  3. Bakit ito ang kayang paboritong araw?
  4. Ano ang naramdaman ni Ralp nang hindi natuloy ang lakad nila ng kanyang Lolo at Lola?
  5. Kung ikaw si Ralp, ano ang mararamdaman mo? Bakit?

Sagot:

Q1. Ralp

Q2. Araw ng Sabado

Q3. Tuwing Sabado ay isinasama siya ng kaniyang Lolo at Lola sa People's Park upang mag-jogging at mag-ehersisyo.

Q4. nalungkot

Q5. Malulungkot dahil hindi kami matutuloy ng aking Lola at Lola, ngunit magiging masaya pa rin dahil kasama ko naman ang aking Nanay at Tatay.

**Gawain 4C Tara, gumuhit tayo!**

**Panuto:** Gumuhit ng iyong mga karanasan na nagpapasaya, nagpapalungkot at nagpapatakot sainyo.

| Ako ay masaya tuwing… | Ako ay malungkot tuwing… | Ako ay natatakot tuwing… |
|---|---|---|
| | | |

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- **Sasabihin ng guro**: Ngayon, para malaman kung may natutuhan kayo sa aralin, sagutin ang tanong.
- **Tanong:** Maaari ba nating kapulutan ng aral ang karanasan o kwento ng ibang tao? Magbigay ng halimbawa ng kwento na maaari mong maihalintulad sa iyong karanasan.
- **Sasabihin ng guro**: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon naman tayo ng pagsasanay tungkol sa pagbibigay ng sariling hinuha.

**Paalala sa guro:** Kolektahin ang gawaing pagsasanay ng mga mag-aaral upang masuri at mapag-aralan kung naunawaan ang aralin.

**Day 7, Lesson 13**

**Nakapagbibigay ng sariling hinuha**

**Key Idea**

Nakapagbibigay ng sariling hinuha sa napakinggang kuwento.

**Most Essential Learning Competencies**

Nakapagbibigay ng sariling hinuha - ***F1PN-IIIj-12***

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

A. Sasabihin ng guro: "Sa nakaraang aralin, natutunan natin ang pag-uugnay ng sariling karanasan sa napakinggang kuwento.



- Ipakita ang larawan na nasa ibaba.
- Sasabihin ng guro: Sa inyong palagay, saan kaya siya papunta?

B. Sasabihin ng guro: "Ngayon, basahin natin ang isang maikling kuwento. Alamin kung paano ipinagdiwang ni Lucy ang kaniyang kaarawan."

**Kaarawan ni Lucy**

Maagang gumising si Lucy. Kaarawan niya ngayon. Masayang-masaya si Lucy. Dumating ang kaniyang mga kamag-aral. May dala silang mga regalo. Dumating din ang kaniyang lolo at lola. Abalang-abala ang nanay niya sa paghahanda ng pagkain. Nagsimula nang umawit ng "Maligayang bati" ang kaniyang mga kaibigan. Pagkatapos nito ay hinipan na niya ang keyk na binili ng kaniyang ama. Nagpasalamat si Lucy sa lahat ng dumalo sa kaarawan niya.

- Itanong:
  1. Sino ang nagdiriwang ng kaarawan?
  2. Sino-sino ang mga bisita ni Lucy?
  3. Ano ang dala ng kaniyang kamag-aral?
  4. Naranasan niyo na bang magdaos ng inyong kaarawan?
  5. Ano ang inyong nararamdaman sa tuwing sumasapit ang kaarawan ninyo?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sabihin: Sa araling ito ay matututunan ang pabibigay ng sariling hinuha.


**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***


Time: 5 mins.


Game: **Word Game**


- Sasabihin ng guro: Bawat slide ay makakakita kayo ng clue at mga ginulong letra. Gamitin ang mga letra upang mahulaan at mabaybay ang salitang tinutukoy sa larawan. Kung mahulaan at mababaybay ang bawat salita, pagsamahin ang mga bilang na nasa bawat letra at idagdag ito sa inyong puntos. Ang may pinakamaraming puntos ang siyang mananalo.




**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Story Time!**



**ANG PAGONG AT ANG KUNEHO**

Isang hapon, nagkita si Pagong at si Kuneho sa daan. Biniro ni Kuneho si Pagong sa kanyang maliliit na paa na naging dahilan kung bakit napakabagal niyang maglakad. Nainsulto si Pagong sa mga biro ni Kuneho.

Sa kagustuhan ni Pagong na patunayang mali si Kuneho sa kanyang mga paratang, hinamon niya ito. Sa simula ay inakala ni Kuneho na ito ay isang biro, ngunit seryoso ang pagong. Sinimulan ang paligsahan at buong bilis na tumakbo si Kuneho. Napansin niya na sobrang layo na niya sa pagong. Pinagtawanan ng kuneho ang pagong.
Nagpasiya ang kuneho na matulog muna dahil sa pakiwari niya ay hindi na makakahabol sa kaniya ang pagong. Ang pagong naman kahit mabagal ay patuloy sa kaniyang paglalakad.

Sino kaya ang mananalo sa karera? Bakit?

**Bahagi 4B: Pick-a-Door**

- Upang sukatin ang pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa kuwentong binasa, ang guro ay magbibigay ng ilang mga katanungan na nakalagay sa bawat pinto. Hayaan silang pumili ng pintong nais nilang buksan, pagkatapos ay ipasagot ang katanungan dito.



- Mga Tanong:
  1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
  2. Ano ang ugaling mayroon si kuneho?
  3. Ano ang ginagawa ng pagong habang natutulog ang kuneho?
  4. Alin sa mga tauhan ang mayabang? Patunayan.
  5. Sa iyong palagay, mananalo ba ang kuneho sa karera? Anong aral ang nais ipabatid ng kuwento?

  - Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong

**4C: Act It Out!**

Sasabihin ng guro: Upang mas higit na matutunan ang pagbibigay ng sariling hinuha, halina't linangin natin ito sa pamamagitan ng pag-arte.


Maghanda ng mga kard. Hayaan ang mga mag-aaral na bumunot ng kard na naglalaman ng kanilang bibigyan ng hinuha. Bigyan ang mga mag-aaral ng oras upang makapaghanda sa nasabing gawain.



Napansin mong umiiyak ang iyong kaklase ng siya ay dumating sa inyong silid-aralan. Nakita mo na marami siyang pasa at sugat sa kanyang katawan.



Gabing-gabi na ay nanonood pa rin ng telebisyon si Gab. Piantutulog na siya ng kaniyang ina dahil may pasok na siya kinabukasan ngunit ayaw niyang sumunod.



Tuwing walang pasok, si Nina ay nanonood sa kanyang ina sa pagluluto. Natutunan niya ang mga paraan ng pagluluto. Isang araw, nagkasakit ang ina ni Nina . Hindi ito makapagluto.



Alam ni Mina na may butas ang ngipin niya. Paulit-ulit siyang pinagsasabihan ng kanyang nanay na huwag kakain ng tsokolate. Isang araw, nadatnan ng nanay si Mina na umiiyak habang hawak nito ang kaniyang pisngi.



May dalang mainit na sopas sa mangkok si Aling Sabel. Habang naglalakad ay hindi niya napansin ang laruang nakakalat sa sahig.

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sasabihin ng guro: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito

Panuto: Ibigay ang iyong hinuha tungkol sa mga sitwasyon na nasa ibaba. Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa kahon.

a. iiyak b. masaya c. malalanta d. madidisgrasya
e. mahuhulog f. mawawala

1. Binigyan ka ng ninang mo ng regalo noong kaarawan mo. Gustong-gusto mo ang damit na ibinigay sayo.
2. Mainit ang panahon. Hindi mo nadiligan ang tanim sa paso.
3. May ibong nakadapo sa sanga ng puno. Binato at tinamaan ito ng batang lalaki.
4. Hindi mo napansin na may sili pala ang bagoong na sawsawan na kasama sa manggang iyong binili. Nang kagatin mo ito ay sobrang anghang pala.
5. Napakabilis ng pagpapatakbo ni Armin ng kanyang motorsiklo.

6. Sabihin: Ang ating aralin ay ang pagbibigay ng sariling hinuha o palagay, isang hula. Maaaring makabuo ng hinuha ang susunod na pangyayari kung pagbabasehan mo ang iyong naging karanasan.
7. Sabihin:Sa susunod na araw ay atin pang mas paghuhusaying ang kaalaman sa pagbibigay ng sariling hinuha o palagay sa pamamagitan ng iba pang mga laro na inihanda ko para sa inyo.

Ipaalala na ang mabuting mag-aaral ay nasasalamin sa kanilang pagkatuto at natutunan.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 7, Lesson 14**

**Nakapagbibigay ng sariling hinuha**

**Key Idea**

Pagbibigay ng sariling hinuha

**Most Essential Learning Competencies**

Nakapagbibigay ng sariling hinuha - ***F1PN-IIIj-12***

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Game:** ***Mix and Match!***

- Ihanda ang mga gagamitin sa paglalaro.
- Sasabihin ng guro: Kahapon ay marami tayong natutunan sa pagbibigay ng sariling hinuha. Ngayon, ipagpapatuloy natin ang gawain sa pamamagitan ng isang laro. Hanapin ang katerno ng bawat damit upang mabigyan ng wastong paghihinuha ang mga larawan.

- Maaaring dagdagan pa ang mga larawan sa nasabing gawain.



**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito, matututunan ang pabibigay ng sariling hinuha.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game:** ***Picture Puzzle***

- Itanong: Nasubukan mo na bang bumuo ng isang *puzzle*? Ano ang iyong naramdaman habang binubuo ito? Ngayon, bubuo ang bawat pangkat ng isang *puzzle*. Pagkatapos mabuo, sagutin ang mga tanong.
- Ihanda ang larawan ng puzzle at ipangkat ang klase sa 4.



***Itanong:***

1. Anong ang nabuo ninyong larawan?
2. Ano ang hawak ng bata?
3. Magbigay ng mga salitang maaari nating iugnay sa bagay na hawak ng bata sa larawan.



- Maaaring gabayan ng guro ang mag-aaral sa pagbibigay ng mga salita.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Story Time!**

- Sasabihin ng guro: Basahin ang kuwentong pinamagatang "Si Porong, Ang Batang Mahilig sa Posporo". Alamin ang kahantungan ng batang mahilig maglaro ng posporo. Gayundin, mabatid ang kabutihan ng pagsunod o pakikinig sa magulang upang hindi mapahamak.

**Si Porong, ang Batang Mahilig sa Posporo**
Ni: Hanie Lyn P. Dizon

Si Porong ay isang batang alisto. Siya ay isang masayahing bata. Isa sa hilig niya ay maglaro ng palito ng posporo.

Isang hapon habang nanonood ng telebisyon si Poro, ang kanyang Nanay Pura ay may ibinalita tungkol sa isang sunog na nangyari sa isang lugar sa Bataan.

Kitang kita sa mukha ni Poro ang pagkagulat dahil sa kanyang napanood.

Nasusunog ang mga bahay at ang mga tao ay nagtakbuhan, habang umiiyak at sumisigaw ng "Sunog! Sunog!"

Hindi na nakatiis si Porong kaya't tinanong niya si nanay Pura. "Nanay, bakit po ba nagkakasunog? Delikado po ba iyon?"

"Oo anak, delikado ang sunog," ang sagot ni nanay Pura. "Maaari tayong masugatan o mamatay sa sunog dahil sa malakas na apoy. Ang ating mga gamit at bahay ay maaari ding mawala".

"Nagkakaroon ng sunog dahil sa mga maling gawa ng mga tao tulad ng pag-iwan ng nakasinding kandila, mga posporong pinaglalaruan ng mga batang tulad mo, at mga de-kuryente na naiwang nakasaksak nang matagal."

"Kaya anak lagi kitang pinagsasabihan na huwag maglaro ng mga palito ng posporo sapagkat ito ay delikado. Naiintindihan mo ba ako?"

"Ganun po ba iyon? Sige po, simula ngayon lagi na akong mag-iingat at hindi na maglalaro ng posporo," ang sagot ni Porong.

Simula noon ay hindi na naglaro ng palito ng posporo si Porong.

**Itanong:**

1. Sino ang bata sa kuwento?
2. Bakit nagulat si Porong sa kaniyang napanood?
3. Ano ang palaging sinasabi ng kanyang ina sa kanya?
4. Sinunod ba ni Porong ang mahigpit na bilin ng kanyang ina?
5. Ano ang posibleng mangyari kung hindi niya pinakinggan ang bilin sa kanya?

**Bahagi 4B: *Color It!***

- Maghanda ng isang coloring activity.
- Sasabihin ng guro: Base sa kuwentong inyong napakinggan, kulayan ang mga bagay na maaaring pagmulan ng sunog.



**4C. Game: Teksto-suri**

- Sasabihin ng guro: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, sasagutan natin gawain na ito. Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong tungkol dito.



Naglalaro ng pasahan ng bola ang mga anak ni Gng. Santos. Pinatitigil sila ng kanilang ate ngunit tuloy pa rin sila sa paglalaro. Bigla nalang silang natakot nang tamaan ng bola ang babasaging paso sa sala.

Itanong:

1. Ano ang nilalaro ng mga anak ni Gng. Santos?
2. Tumigil ba sila sa paglalaro?
3. Ano ang ginagawa mo kung ikaw ay sinasabihan ng mga nakatatanda?
4. Ano ang hinuha mong sunod na mangyayari?
5. Iguhit ang hinuhang naisip mo.

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sagutin ito sa kwaderno.

1. Masaya ka ba sa mga ginawa mo ngayon sa ating aralin?
2. Ano ang nagustuhan mo sa mga ginawa natin?

Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 8, Lesson 15**

**Kasingkahulugan**

**Key Idea**

- Pagtukoy sa mga salitang magkasingkahulugan.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.
- Nakakapagbigay ng mga salitang magkasingkahulugan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- **Sasabihin ng guro**: Kumusta kayo sa araw na ito? Alam niyo ba na kanina, bago ako pumasok sa paaralan, may nakita akong mga bata na masayang naglalakad at mayroon silang dalang mga bag?
- *Ipakita ang isang larawan ng mga bata.*



- **Itanong**: Sa inyong palagay, saan kaya pupunta ang mga bata? Ano sa palagay ninyo ang kanilang gagawin?
- **Sasabihin ng guro**: Magaling! Alam ko na marami kayong natutunan sa nakalipas nating aralin. Tayo ay dadako na sa susunod na aralin. Tara! tayo na at mas matuto pa.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Matchy-Matchy!**

- Itanong: Nakapaglaro na ba kayo ng *memory game*? Ano ang naramdaman ninyo habang naglalaro nito?

- Sasabihin ng guro: Ngayon, tulong-tulong tayo sa paghahanap ng magkasingkahulugan na salita kasama ng larawan.
- Ihanda ang laptop na nakakonek sa internet at buksan ang website na *wordwall*.com. Maaari din maghanda ng mga *printed* na larawan sa paglalaro nito.
- Sasabihin ng guro: Bawat isa ay may pagkakataong pumindot ng apat na beses upang makahanap ng isang pares ng salita na magkasingkahulugan.
- Hikayatin ang bawat isa na makilahok.
- Sasabihin ng guro: Pagkatapos natin mahanap ang lahat ng magkasingkahulugan na salita, atin naman itong basahin.
- Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang mga salitang magkakatambal.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Kwento**

- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral ang kuwento.

**Parati Kong kasama, Matalik Kong Kaibigan!**

(ni Wennie Joy A. Egia)

Matalik na magkaibigan sina Lili at Ela. Tuwing umaga, bumabati sila sa isa't-isa at sabay na pumapasok sa kanilang paaralan. Silang dalawa ay labis na ipinagmamalaki ng mga kamag-aral, guro, at punong-guro dahil sa kanilang angking galing at sobrang tiyaga sa pag-aaral.

Magaling si Lili sa pagbigkas ng mga tula kaya siya ay lumalaban sa iba't ibang patimpalak. Gayundin si Ela na kinagigiliwan ng lahat dahil siya ay mahusay namang umawit. Likas sa kanilang dalawa ang pagiging masikap na mga bata kaya sila ay laging pares sa mga gawain.

Ang bawat araw nilang magkaibigan ay maligaya sapagkat parati nilang pinipiling maging masaya.

- Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang kuwento.

**4B. Mga Tanong**

Itanong ang mga sumusunod:

Q1. Ano ang pamagat ng binasang kuwento?
Q2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
Q3. Alin sa mga pag-uugali ng magkaibigan ang dapat ninyong tularan?
Q4. Kung ikaw ay may matalik na kaibigan, paano mo pinangangalagaan ang inyong samahan?
Q5. Anu-ano ang mga salitang may kulay sa binasang kwento?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong.
- Ilagay ang mga salitang naglalarawan sa pisara katapat ang kasingkahulugan nito.
- Sasabihin ng guro: Ang mga salitang inyong sinabi ay mga halimbawa ng salitang magkasingkahulugan. Ang dalawang salita ay magkasingkahulugan kapag pareho ang kanilang ibig sabihin.

**4C. Game: Dice-Dice Baby!**

- Sasabihin ng guro: Upang lalo natin matutunan at makilala ang iba't-ibang salita na magkasingkahulugan, halina at samahan ninyo akong maglaro.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Hatiin ang klase sa apat na grupo. Ibigay ang panuto sa paglalaro at mga pamantayan sa pagsasagawa nito.
- Sasabihin ng guro: Gamit ang dalawang *dice* ng bawat grupo, paunahan mahanap ang salitang may kasingkahulugan ng salitang aking sasabihin. Ilagay ang *dice* sa sahig sa paraang nakikita at nababasa ang dalawang salitang magkasingkahulugan.

**Itanong:**

- *Anu-ano ang mga salitang magkasingkahulugan?*
- *Anu-ano pa ang mga salitang magkasingkahulugan ang kaya mong ibigay?*

- Sasabihin ng guro: Tumingin sa paligid at maghanap ng bagay na maaring ilarawan. Mag-isip ng ibang salita na kasingkahulugan ng salitang iyong ginamit sa paglalarawan.
- Magbigay ng halimbawa.

- Sasabihin ng guro: Ang kanyang pambura ay maliit. Ang salitang “**maliit”** ay ang aking ginamit sa paglalarawan ng kanyang pambura. Maaring gamitin ang salitang “**munti”** bilang kasingkahulugan nito,
- Magbigay pa ng ibang halimbawa na maaring makita sa loob ng silid-aralan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sasabihin ng guro: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, sagutan ang gawain na ito.
- Bilugan ang tamang kasingkahulugan ng nasa kaliwang bahagi ng kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. eskwelahan** | palaruan | palengke | paaralan |
| **2. makupad** | mataas | mabagal | malaki |
| **3. maganda** | marikit | mabango | maliit |
| **4. agahan** | almusal | tanghalian | hapunan |
| **5. daan** | kalsada | ilog | puti |

Pagtatapos ng aralin:

- Sasabihin ng guro: Ang ating aralin ay may kinalaman sa mga salitang magkasingkahulugan. Sa susunod na araw ay atin pang mas kilalanin ang iba pang mga salitang magkasingkahulugan sa pamamagitan ng iba pang mga laro na inihanda ko para sa inyo.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 8, Lesson 16**

**Kasingkahulugan**

**Key Idea**

- Pagtukoy sa mga salitang magkasingkahulugan.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.
- Nakakapagbigay ng mga salitang magkasingkahulugan.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

**Game**: Irolyo at Hanapin mo Ako.

- Ihanda ang mga gagamitin sa paglalaro.
- Sasabihin ng guro: Kahapon ay marami tayong mga salitang natutunan na magkasingkahulugan.
- Hatiin ang klase sa grupo. Ibigay ang panuto sa paglalaro at mga pamantayan sa pagsasagawa ng nito.
- Sasabihin ng guro: Ngayon ay maglalaro ulit tayo gamit ang jumbo *dice* at mga plakards. May mga salitang nakadikit sa bawat mukha ng jumbo *dice* at paunahan kayo sa paghahanap ng salitang may kasingkahulugan na nakasulat sa mga plakards na inyong hawak. Siguraduhin na isang tao lang ang magtataas at magsasalita ng tamang sagot upang maging maayos ang ating paglalaro.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sa araling ito ay matutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- **Game: Buuin mo Ako – Wasak na Wasak Ako!**
- Itanong: Nakagawa na ba kayo ng isang *puzzle*? Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ito?
- Sasabihin ng guro: Ngayon, bawat grupo ay bubuo ng isang puzzle. Tingnan natin kung ano ang mabubuong larawan.
- Ihanda ang mga larawan ng puzzle at ipangkat ang klase sa 4.
- Itanong:

1. Anu-ano ang mga nabuo ninyong larawan?




**Bahagi 4***: Lesson Activity*

Time: 25 mins.

**4A. Gawain: 1 Salita, Dumami Bigla!**

- Sasabihin ng guro: Kanina ay bumuo tayo ng mga **puzzle** ng larawan at atin itong pinangalanan. Ngayon naman mas palalawakin pa natin ang iyong mga talasalitaan sa patuloy na pag-aaral at pagtukoy ng iba pang mga salita na kasingkahulugan ng mga ito.
- Ipakita muli ang mga larawan.







- Itanong: Bukod sa mga nakasulat sa pisara, ano pa kaya ang ibang salitang ginagamit upang pangalanan ang mga nasa larawan?
- Hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa pag-iisip ng iba pang salitang kasingkahulugan ng mga ito.
- Sasabihin ng guro: Sabay-sabay nating basahin ang mga salitang magkasingkahulugan.
- Ipakita sa mga mag-aaral ang iba pang mga halimbawa ng mga salitang magkasingkahulugan na nasa slide decks.

**4B. Game: Criss-Cross Puzzle**

- Sasabihin ng guro: Marami na tayong mga salitang magkasingkahulugan na napakinggan at napag-aralan. Ngayon naman ay subukan sagutan ang *criss-cross puzzle* na aking inihanda para sa inyo.
- Ihanda ang gagamitin sa gawain.
- Ipakita ang *criss-cross puzzle* sa mga bata.



**Panuto**: Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Gamitin ang mga salitang may salungguhit upang mabuo ang salitang kasingkahulugan sa puzzle. Pumili ng tamang sagot sa kahon.

**ACROSS/ PAHIGA**
2. Ang aking **ina** ay nagluluto.
4. Ang aming guro ay **mahusay** magturo.
6. Ang pagong ay **makupad** maglakad.
7. Nagluto si nanay ng **agahan**.

**DOWN/ PABABA**
1. **Malinamnam** ang kinakain ni Lilya.
3. **Matulin** kung tumakbo ang mga kabayo.
5. Mag-ingat sa paggamit ng gunting sapagkat ito ay **matalas**.

**WORD BANK:**

**MAGALING** **NANAY** **MASARAP**
**MABILIS** **ALMUSAL** **MABAGAL** **MATALIM**

- Itanong: Nasubukan na ba ninyo na sumagot ng gawaing katulad nito? Ano ang inyong nararamdaman habang ginagawa ito?
- Hatiin ang klase sa grupo. Ibigay ang panuto sa pagsagot ng gawain.
- Sasabihin ng guro: Buuin ang puzzle gamit ang mga kasingkahulugan na mga salitang ginamit sa bawat pangungusap. Nahahati ito sa dalawa na magsisilbing gabay sa pagbuo nito.
- Ipakita kung paano ito gagawin sa pamamagitan ng pagsagot sa unang katanungan.

**4C. Brainy-Brainy**

**Itanong:**

1. Anu-ano ang mga salitang magkasingkahulugan?
2. Magbigay ng iba pang mga halimbawa ng mga salitang magkasingkahulugan.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sasabihin ng guro: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, sagutan ang gawain na ito.

- Sasabihin ng guro: Pagtapat-tapatin ang mga salitang magkasingkahulugan.

| Hanay A | | | Hanay B |
|---|---|---|---|
| 1. marumi | • | • | matulin |
| 2. diretso | • | • | matalino |
| 3. Maganda | • | • | marusing |
| 4. mabilis | • | • | marikit |
| 5. marunong | • | • | tuwid |

- Pagtatapos ng aralin:

Sasabihin ng guro: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod, paghandaan ang pagtukoy ng mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.

**Paalala sa Guro:**

- ✓ Maaring gumamit ng iba pang mga larawan, realia at iba pang kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang higit na maunawaan ng mga bata ang aralin.
- ✓ Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto.

**Day 9, Lesson 17**

**Key Idea**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang binasa


**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasabi ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa
- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa.


**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Sasabihin ng guro: Balikan ang nakalipas na aralin. Hanapin at bilugan ang limang pagkakaiba ng dalawang larawan, pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Sagot:



https://www.youtube.com/watch?v=E6nhMr8-luQ

- Mga Tanong:
- Q1. Ano ang una mong tiningnan sa dalawang larawan? Bakit?
- Q2. Alin sa mga nakitang pagkakaiba ang una mong nakita? Huling nakita?
- Q3. Sa paanong paraan mo hinanap ang pagkakaiba ng dalawang larawan?

Halimbawang Sagot:

Q1. Tiningnan ko muna ang kanyang mukha. Kasi po ang mukha ang una kong napansin.
Q2. Ang kamay po ang una kong Nakita, ang huli po ay ang paa.
Q3. Akin pong pinagkumpara ang dalawang larawan gamit ang aking mata.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang araling ito ay tungkol sa mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa.


**Component 3: *Lesson Language Practice***


Time: 5 mins.


- Sasabihin ng guro:: Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa loob ng kahon na nasa Hanay A. Pagkatapos, piliin ang letra sa mga larawan na nasa Hanay B ang kahulugan ng mga salitang nasa Hanay A.

**Hanay A**




**Hanay B**


A



B


C



D


**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A**. Basahin:



Ang Barangay Sucat ay nagpalabas ng anunsyo tungkol sa pagpapabakuna muli ng mga batang may edad 9 na buwan hanggang limang taon.



Ito ay para mapalakas ang katawan ng mga bata laban sa mga sakit at virus.Ang mga manggagawa ng *Health office* ay nagsagawa ng bahay-bahay na pagbisita upang masigurong lahat ay mabibigyan ng bakuna.

- Ipakita ang mga larawan habang binabasa ang kuwento sa mga mag-aaral.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral ang kuwento.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang kuwento.

**4B. Think-Pair-Share**

Panuto: Humanap ng kapareha upang masagutan ang mga sumusunod na tanong.

Q1.Anong anunsyo ang inilabas ng Barangay Sucat?
Q2.Batay sa anunsyo, anong edad ang dapat na mapabakunahan?
Q3.Ano ang ginawa ng Barangay Sucat upang masigurong lahat ng bata ay mabakunahan?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong

**Halimbawang Sagot:**

*Q1. Ang anunsyo ay tungkol sa pagpapabakuna.*

*Q2. Ang edad ay mula 9 na buwan hanggang limang taon.*

*Q3. Ang Barangay Sucat ay* nagsagawa ng bahay-bahay na pagbisita

**4C. Collaborative learning:**

- Itanong ang mga sumusunod:

Q4.Bakit kailangang mabakuhahan ang mga batang may edad 5 pababa?
Q5. Kung ikaw ang tatanungin, magpapabakuna ka ba? Bakit?
Q6. Ano kaya ang maaring mangyari kung hindi natin susundin ang paalala ng ating Barangay tugkol sa ating mga kalusugan?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot mula sa nabuong grupo. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong

**Halimbawang Sagot:**

*Q4.* Ito ay para mapalakas ang katawan ng mga bata sa mga sakit at virus

*Q5. Opo. Upang malabanan ng aking katawan ang mga sakit*

*Q6. Maari tayong magkasakit at hindi maiwasan ang mga banta ng mga sakit na nakamamatay.*

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.


Tandaan:

- Mahalagang maunawaan at sundin ang mga detalye kaugnay ng paksang napakinggan o binasa upang hindi tayo malito sa mga dapat nating sundin at tandaan.
- Makatutulong din ang mga tanong na Ano, Saan, Sino, Kailan at Bakit upang matiyak ang ating pagkaunawa sa mga detlaye na ating binabasa.


Tanong

Q1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol sa pagsabi at pagtukoy ng mga mahahalagang detalye na inyong binasa at napakinggan.

Q2. Ang aralin bang ito ay nakatulong sa iyo upang maalala ang tamang tanong na dapat na gamitin sa iyong pagtukoy ng mga mahahalagang detalye? Ipaliwanag.

- Sasabihin ng guro:: Kulayan ang  thumbs up na larawan sa ibaba kung nakatulong sa iyo ang aralin na ito, at thumbs down  naman kung hindi nakatulong sa iyo na maintindihan ang aralin na ito.





**REMINDER:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 9, Lesson 18**

**Key Idea**

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasabi ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa
- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Sasabihin ng guro: "Bakit kailangan nating sundin ang mga paalala, babala ng ating gobyerno at local na pamahalaan?

- Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang mahabi ang katanungan.
- Ano ang gagawin mo, kung may paparating na bagyo at isa ang inyong lugar sa madadaanan nito?
- Hanapin sa puzzle ang mga salitang kailangang ihanda kung may bagyo. Guhitan ng pahiga, patayo o pahilis ang mga salita.



**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang araling ito ay tungkol sa mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan o nabasa.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sasabihin ng guro: Basahin nang sabay-sabay ang mga salitang nasa loob ng garapon. Pagkatapos, tukuyin ang hinihinging salita sa talahanayan. Tukuyin ang mga gamit ng bawat salita ayon sa ipinapahayag na pangungusap o parirala sa ibaba.




Basahin:

1. Ito ay karaniwang gamit para sa sanggol upang hindi tuluyang mabasa ang kanyang salawal .
2. Ito ay pinapainom sa bata man o matanda upang mas maging malusog.
3. Nagsislbing proteksyon ng isang bahay sa init at ulan at iba pang uri ng panahon.
4. Karaniwang lugar na takbuhan ng mga mamayan sa oras ng kalamidad tulad ng baha, lindol, sunog o bagyo.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***


Time: 25 mins.

**4A**. Basahin:

**PABATID**

Ang ating bayan ay isa sa madadaanan ng bagyo. Isagawa ang karampatang pag-iingat upang makaiwas na mapinsala nito.

1.Patibayin ang inyong tahanan. Lagyan ng tali at pabigat ang mga bubong.



2.Kung ang inyong tahanan ay nasa mababang lugar, lumikas na agad sa mga *Evacuation*


*Center* upang mapangalagaan ang inyong kaligtasan.




3. Magdala o magbaon ng pagkain at mga damit na nakabalot sa *plastic*.




4. Sa may anak na maliliit, maghanda ng gatas, diaper at kumot na magagamit nila.



Umaasa kami na inyong susundin ang PABATID na ito.
Iba na ang LAGING HANDA!

- Ipakita ang mga larawan habang binabasa ang PABATID sa mga mag-aaral.
- Hayaang basahin at intindihin ng mga mag-aaral ang PABATID.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung may mga salitang hindi pamilyar o hindi maintindihan sa binasang PABATID.

**4B.**

- Itanong ang mga sumusunod upang makuha ang mga detalye na nabanggit sa pabatid.

Tanong:
Q1. Tungkol saan ang pabatid?
Q2. Ano-anong bagay ang dapat ihanda?
Q3. Saan maaring magtungo ang mga nakatira sa mababang lugar?
Q4. Bakit mahalagang sundin ang mga ganitong pahayag?
Q5. Paano natin maiiwasan ang aksidente sa tuwing may bagyo?
Q6. Paano natin matutukoy ang mga detalye sa isang paksa, kuwento o talata?

- Tumawag ng mga mag-aaral na sasagot. Magbigay ng mga nakahihikayat na papuri sa mag-aaral na nakasagot sa mga tanong

**Halimbawang Sagot:**

Q1. Ang pabatid ay tungkol sa padating na bagyo.
Q2. Ang mga bagay na dapat ihanda ay ang mga bahay, pagkain at gamit ng mga bata at sanggol.
Q3. Maaring magtungo ang mga mamamayan sa Evacuation center sa kanilang paglikas.
Q4. Kailangang sumunod sa pabatid o paalala upang maging ligtas at malayo sa kapahamakan.
Q5. Maiiwsan ito kung tayo ay laging makikinig o susunod sa mga sinasabi ng mga babala o ng ating gobyerno..
Q6. Upang matukoy ang mga detalye sa isang paksa, kuwento o talata sasagutin lamang natin ang mga tanong na; Sino, Ano, Kailan, Saan , Alin, Paano at Bakit.

**4C.** Basahin:

**Ang Saranggola**

Si Tanggol ay may saranggola. Ang saranggola ay kulay pula. Mahilig siyang magpalipad nito tuwing ng mahangin at maaraw ang panahon. Siya ay laging masaya sa tuwing mataas ang lipad ng kanyang saranggola.. Ito ang kanyang laruan sa araw-araw kasama ng kanyang mga kalaro sa parke.

- Gamit ang Collaborative Learning. Bumuo ng mga tanong na Ano, Sino, Kailan, Saan at Bakit gamit ang detalye na ibinigay sa talata. Gamitin ang strip na ibinigay sa inyo.
- Ibigay ang strip sa mga mag aaral na may nakalagay na ano, sino, kailan, saan, at bakit.

Halimbawang sagot:

Q1. Ano: Ano ang pamagat ng talata?

Q2. Sino: Sino ang nagpapalipad ng saranggola?

Q3. Kailan: Kailan nagpapalipad si Tanggol ng saranggola?

Q4. Saan: Saan siya madalas nagpapalipad?

Q5. Bakit lagi siyang masaya?

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Tandaan:


- Sa pagtukoy ng mahahalagang detalye, ng isang teksto o kuwento, kailangang alamin ang mga salita na sumasagot sa tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano.

- Tanong:

Q1. Ang aralin bang ito ay mas nakatulong sayo upang mas maintindihan ang aralin tungkol

sa pagsabi at pagtukoy ng mga mahahalagang detalye na inyong binasa at napakinggan?

- Gumuhit ng masayang mukha kung ang aralin ay nakatulong sa iyo upang maintindihan ang aralin sa araw na ito.



**REMINDER:** Kolektahin ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral upang pag-aralan at timbangin kung gaano sila natuto. Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa